

ARALING PANLIPUNAN 6

2nd SUMMATIVE TEST

1ST QUARTER

Name: _____

Basahin ang pangungusap at isulat ang Tama kung nagsasaad ng katotohanan ito at Mali kung hindi.

_____ 1. Tumutol sa pagkahalal kay Bonifacio si Daniel Tirona.

_____ 2. Noong Marso 22, 1896, ipinahayag ang pagkatatag ng rebolusyonaryong pamahalaan.

_____ 3. Matapos ang insidenteng pagtutol, ipinalabas ni Aguinaldo ang Acta de Tejeros kung saan inisa-isa niya ang mga dahilan upang ipawalang bisa ang halalan.

_____ 4. Mula sa San Francisco de Malabon, ipinalabas ni Andres Bonifacio ang ikalawang dokumento kung saan ipinapahayag ang pagtatatag pa ng isang rebolusyonaryong pamahalaan.

_____ 5. Dahil sa pangambang maging mabigat ang epekto ng alitan sa panig ni Andres Bonifacio sa pagtaguyod ng himagsikan, nagpawalang kibo na lamang si Aguinaldo.

Basahin ang bawat tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_____ 1. Ilan ang probisyon ng Kasunduan sa Biak-na-Bato ang ipinatupad ni Heneral Emilio Aguinaldo?

- A. 2 B. 3 C. 4 D. 5

_____ 2. Kailan nilagdaan ni Pedro Paterno at Gobernador-Heneral Primo de Rivera ang kasunduan?

- A. Disyembre 11-12, 1897 C. Disyembre 17-18, 1897
B. Disyembre 14-15, 1897 D. Disyembre 19-20, 1897

_____ 3. Ang sumulat ng Saligang Batas na ipinagtibay noong Nobyembre 1, 1897 _____

- A. Isabelo Artache C. Fernando Primo de Rivera
B. Pedro Paterno D. Emilio Aguinaldo

_____ 4. Matapos mapagtibay at maipahayag ang Saligang Batas, itinatag ang _____.

- A. Pamahalaang Komonwelt C. Republika ng Biak-na-Bato
B. Pamahalaang Rebolusyonaryo D. Misyong Pangkalayaan

_____ 5. Saan nagtungo si Aguinaldo at ilang pinuno ng kilusan pagkatapos mapairal ang kasunduan na pansamantalang nagdulot ng kapayapaan?

- A. Tsina C. Estados Unidos
B. Hong Kong D. Hapon

_____6. Magkano ang halaga na pinangako ng Espanya na ibigay sa Pilipinas upang mahinto ang labanan?

- A. Php1,500,000
- B. Php1,600,000
- C. Php1,700,000
- D. Php1,800,000

_____7. Sino ang namagitan upang huminto ang labanan?

- A. Emilio Aguinaldo
- B. Pedro Paterno
- C. Daniel Tirona
- D. Andres Bonifacio

_____8. Magkano lamang ang ibinayad ng Espanya sa mga Pilipino na naging dahilan ng hindi pagsunod ng mga Pilipino sa Kasunduan?

- A. Php 200,000
- B. Php 400,000
- C. Php 600,000
- D. Php 800,000

9. Ano ang ginawa ng mga Pilipino sa hindi pagtupad sa kasunduan sa Espanya?

- A. Nagpakumbaba na lamang
- B. Hindi pagbalik ng mga armas sa Espanya
- C. Hindi pagbayad ng Php1,700,000
- D. Hindi pagbayad ng Php1,500,000

_____10. Kailan ipinagtibay ang Saligang Batas?

- A. Nobyembre 1, 1897
- B. Nobyembre 2, 1897
- C. Nobyembre 3, 1897
- D. Nobyembre 4, 1897

Ibigay ang naging kontribusyon ng magiging na kababaihan sa panahon ng rebolusyon upang makamit natin ang kalayaan. Isulat ang sagot sa sagutang-papel.

Kababaihan sa Rebolusyon	Kontribusyon
1. Gregoria de Jesus	
2. Josefa Rizal	
3. Marcela Agoncillo	
4. Trinidad Tecson	
5. Melchora Aquino	
6. Teresa Magbanua	
7. Marina Santiago	

Key

File created by DepEd Click.

1. Tama
2. Tama
3. Mali
4. Tama
5. Mali

1. B
2. B
3. A
4. C
5. B
6. C
7. B
8. C
9. B
10. A

1. Siya ang taga - tago ng mga dokumento ng Katipunan
 2. Naglingkod bilang pangulo sa lupon ng kababaihan
 3. Tumahi sa unang bandila ng Pilipinas
 4. Isa siya sa ilang kababaihan na humawak ng armas at nakipaglaban kasama ng kalalakihan sa rebolusyon
 5. Pinakain at ginamot niya ang mga katipunero sa bahay
 6. Siya ay isa sa natatanging babaeng heneral sa Iloilo
- Ang kauna- unahang babae na nagpatala sa Katipunan